



# Ang Kayamanan sa Templo

## Leksyon 18

### 1. Nang ang templo ng Diyos ay bukas sa langit, ano ang nakita sa Kanyang templo?

*Apocalipsis 11:19* \_\_\_\_\_

### 2. Ano ang nakasulat sa mga tapyas ng bato na nasa kaban ng tipan?

*Deuteronomio 10:3-5* \_\_\_\_\_

“Ang kaban na naglalaman ng mga kautusan ay ipinakita sa Apocalipsis bilang nasa santuaryo sa langit. Ang mga kautusan ng Diyos ang bumubuo sa batas ng Kanyang pangsansinukob na pamahalaan. Ipinapahayag ng Mang- aawit na ang kaharian ng Diyos ay “nagpupuno sa lahat,” at ang lahat ng mga anghel na “na gumaganap ng kaniyang salita.” Awit 103: 19, 20. Ang Sampung mga Utos ay nakatala sa Exodo 20: 3- 17.

### 3. Ano ang hindi nakalulugod sa Diyos?

*Roma 2:23* \_\_\_\_\_

### 4. Bakit ang paksang ito ay tumatawag para sa natatanging pansin ngayon?

*Awit 119:126* \_\_\_\_\_

### 5. Paano natin ipinapakita ang pag- ibig natin para sa Diyos?

*Juan 14:15* \_\_\_\_\_

### 6. Ano ang katunayan na nakikilala natin ang Diyos?

*1 Juan 2:3* \_\_\_\_\_

“Ang nagsasabing, Nakikilala ko siya, at hindi tumutupad ng kaniyang mga utos, ay sinungaling, at ang katotohanan ay wala sa kaniya.” 1 Juan 2: 4

“Dito'y ating nakikilala na tayo'y nagsisiibig sa mga anak ng Dios, pagka tayo'y nagsisiibig sa Dios at tinutupad natin ang kaniyang mga utos. Sapagka't ito ang pagibig sa Dios, na ating tuparin ang kaniyang mga utos: at ang kaniyang mga utos ay hindi mabibigat.” 1 Juan 5: 2-3

### 7. Sang- ayon sa mga salita ni Jesus, ano ang gagawin natin kahit sa kaliit- liitan sa mga utos?

*Mateo 5:19* \_\_\_\_\_

“Huwag ninyong isiping ako'y naparito upang sirain ang kautusan o ang mga propeta: ako'y naparito hindi upang sirain, kundi upang ganapin. Sapagka't katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hanggang sa mangawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit, sa anomang paraan ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay.” Mateo 5: 17, 18

Bilang halimbawa sa atin, si Jesus ay maingat na “pagganap ng buong katuwiran.” Mateo 3: 15

### 8. Ano ang inihula ni Isaias na gagawin ni Jesus?

*Isaias 42:21* \_\_\_\_\_

Pansinin kung paano pinalawak ni Jesus ang ika-anim at ika- pitong mga utos:

“Narinig ninyo na sinabi...Huwag kang papatay....Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't mapoot sa kaniyang kapatid ay mapapasa panganib sa kahatulan.” Mateo 5: 21- 22

“Narinig ninyong sinabi, Huwag kang mangangalunya: Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't tumingin sa isang babae na taglay ang masamang hangad ay nagkakasala, na ng pangangalunya sa kaniyang puso.” Mateo 5: 27- 28

**9. Sa Kanyang laman, tinanggal ni Cristo ang batas ng mga kautusan na nilalaman sa ano?**

*Efeso 2:15* \_\_\_\_\_

**10. Ano ang tawag sa paskua?**

*Exodo 12:43* \_\_\_\_\_

“Sa panahon ng Lumang Tipan ang bayan ng Diyos ay nagsasagawa ng mga sermonyang palatuntunan na may kasamang sinusunog na mga handog at pagwiwisik ng dugo (Ezekiel 43: 18). Habang hindi ang dugo ng mga baka at mga kambing ang makapagtatanggal ng kanilang mga kasalanan (Hebreo 10: 4), ang mga ordinansang iyon ay paraan ng pagpapakita ng kanilang pananampalataya kay Cristo at pagtatamo ng Kanyang katuwiran sa pananampalataya (Hebreo 11: 4, 28). Dahil nagsilbi lamang silang anino ni Cristo, ang mga pansamantalang mga batas ay hindi na kailangan pa pagkamatay Niya.

**11. Ipinako ni Cristo sa krus at pinawi ang nasusulat sa ano na laban sa atin?**

*Colosas 2:14* \_\_\_\_\_

**12. Subalit anong bagay ang hindi babaguhin ng Diyos?**

*Awit 89:34* \_\_\_\_\_

**13. Ang Sampung mga Utos ba ay nagmula sa Kanyang labi?**

*Exodo 20:1* \_\_\_\_\_

Hindi tayo dapat malito sa mga palatuntunan at sa moral na kautusan na nakabuod sa Sampung mga Utos. Kung paanong hindi Siya nagbabago (Santiago 1: 17), gayundin ang Kanyang mga utos. Ang Kautusan ng Diyos ay ang Kanyang katuwiran (Awit 119: 172) na inilalagay Niya sa atin kapag tayo ay Kanyang inaaring-ganap (ipaghambing ang Roma 3: 22 sa Hebreo 10: 16-17).

**14. Anong kautusan ito na may tunay na kahalagan para sa Kristiyano?**

*1 Corinto 7:19* \_\_\_\_\_

**15. Paano isinalarawan ni Pablo ang mga kautusan ng Diyos?**

*Roma 7:12* \_\_\_\_\_

**16. Ang pagtingin sa kautusan ay katulad sa isang tao na ano ang ginagawa?**

*Santiago 1:23-25* \_\_\_\_\_

**17. Kapag tumingin tayo sa kautusan bilang salamin, ano ang ipinapakita nito sa atin?**

*Roma 3:20 (huling bahagi)* \_\_\_\_\_

**18. Malalaman ba natin kung ano ang kasalanan kung walang kautusan?**

*Roma 7:7* \_\_\_\_\_

**19. Sa ano pa inihahambing ang mga utos ng Diyos?**

*Kawikaan 6:23* \_\_\_\_\_

**20. Sapagkat inihahayag sa atin ng kautusan ng Diyos ang kasalanan sa ating mga buhay, ito ay gumaganap ng mahalagag tungkulin sa paggawa ng ano sa ating kaluluwa?**

*Awit 19:7* \_\_\_\_\_

**21. Kapag naipakita na sa atin ng kautusan ang ating kasalanan, may kapangyarihan ba itong ariing- ganap tayo?**

*Roma 3:20 (unang bahagi)* \_\_\_\_\_

**22. Sino ang tanging makapagliligtas sa atin?**

*Gawa 4:10, 12* \_\_\_\_\_

**23. Winawalang kabuluhan na ba natin ang kautusan?**

*Roma 3:31* \_\_\_\_\_

“Aking kinalulugurang sundin ang iyong kalooban, Oh Dios ko; Oo, ang iyong kautusan ay nasa loob ng aking puso.” Awit 40: 8

“Tapat ang pasabi, at tungkol sa mga bagay na ito ay ninanasa kong patotohanan mong may pagkakatiwala, upang ang mga nagsisipanampalataya sa Dios ay maging maingat na papanatilihin ang mabubuting gawa.” Tito 3: 8

“Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan.” Roma 6: 23

**24. Ano ang kasalanan?**

*1 Juan 3:4* \_\_\_\_\_

**25. Ibinibilang ba na kasalanan kapag walang utos?**

*Roma 5:13* \_\_\_\_\_

“Ang kapangyarihan ng kasalanan ay ang kautusan” 1 Corinto 15: 56

**26. Kaya kung ang kautusan ay pinawalang bisa na, wala na bang kasalanan pa?**

*Roma 4:15* \_\_\_\_\_

Inalis na sana ni Jesus ang kasalanan ng walang paghihirap. Ang tanging kailangan Niya lamang gawin ay baguhin ang kautusan. Kung isusulat Niya muli ang kautusan, wala na sanang paglabag, wala na sanang kailangan pa para kaninoman upang magbayad sa kaparusahan. At hindi na kailangan pang mamatay ni Kristo.

Ang katunayan na si Kristo ay namatay ay ang pinaka-mabigat na patunay na hindi Niya babaguhin ang Kanyang kautusan. Sapagkat “magaan pa ang mangawala ang langit at ang lupa, kay sa mahulog ang isang kudlit ng kautusan.” Lucas 16: 17

**27. Habang inaaring-ganap silang nanampalatay kay Jesus, ang Diyos sa gayunding oras ay ano?**

*Roma 3:26* \_\_\_\_\_

**28. Gaano katagal ang lahat ng mga utos ng Diyos tatayo?**

*Awit 111:7-8* \_\_\_\_\_

“Ang kautusan ng Panginoon ay sakdal,  
na nagsasauli ng kaluluwa:  
ang patotoo ng Panginoon ay tunay,  
na nagpapapantas sa hangal.  
Ang mga tuntunin ng Panginoon ay matuwid,  
na nagpapagalak sa puso:  
ang utos ng Panginoon ay dalisay,  
na nagpapaliwanag ng mga mata.  
Ang takot sa Panginoon ay malinis,  
na nananatili magpakailan man:  
ang mga kahatulan ng Panginoon ay katotohanan,  
at lubos na matuwid.  
Mga pinipitang higit kay sa ginto,  
oo, higit kay sa maraming dalisay na ginto:  
lalong mainam kay sa pulot,  
at sa pulot-pukyutan.

Higit dito'y sa pamamagitan ng mga iyo'y mapagpapaunahan ang iyong lingkod:  
sa pagiingat ng mga yaon ay may dakilang ganting-pala.” Awit 19: 7-11

### **Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....**

**O** Nauunawaan kong ang Sampung Kautusan ng Diyos ay ang Kanyang pinakamataas na pamantayang moral, at pinili ko sa pamamagitan ng Kanyang biyaya na sumunod dito.

**O** Nauunawaan kong ang kautusan ng Diyos ay nagpapaliwanag ng kasalanan at katuwiran, at hindi mababago.

**O** Nauunawaan kong ang mga palatuntunan na sumasagisag sa gawaing pantubos ni Kristo ay ang tanging mga batas na tinapos sa Kanyang kamatayan.

**Karagdagang mga puna:** \_\_\_\_\_

**Pangalan:** \_\_\_\_\_

**Susunod na Leksyon:** *Alalahanin Mo Rin Naman Ang Maylalang Sa Iyo*